# Modyul Blg. 21
# Pagsusuri ng Sanaysay Batay Sa Teoryang Dekonstruksyon



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Mahal kong Mag-aaral,

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo.

Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang lalo mong mapaunlad at mapayaman ang iyong mga kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Sa mga araling inihanda ko, masusuri mo ang akda batay sa mga nais sabihin nito sa mga mambabasa. Maiuugnay mo ang mga tiyak na karanasan sa akda sa pansariling karanasan at sa karanasan ng iba na nabatid at nasaksihan mo.


Mapapatunayan mo rin sa pamamagitan ng akda na ang kasipagan at pagsisikap ay makapagpapaunlad sa tao.



## Ano ang matututunan mo?

Ang layuning panlahat ng modyul na ito ay:

Malinang ang iyong kahusayang maging mapanuri sa akdang binasa.



## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Patnubay mo sa iyong sariling pagkatuto ang modyul na ito. Kagamitan mo ito bilang gabay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang paggamit nito, kinakailangang maging malinaw sa iyo ang mga tuntuning dapat mong sundin.

Huwag kang mabahala, simple lamang ang mga ito.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsubok o ang bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo? Layunin nitong masukat ang lawak ng kaalaman mo sa paksa.

2. Iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Kung magkaroon ka man ng maraming mali, okay lang iyon. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.
3. Pag-aralan mong mabuti ang mga aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawaing inihanda ko. Unawain mong mabuti ang bawat panuto. Mahalaga ito upang masagot mo nang wasto ang mga pagsasanay.
4. Matapos mong gawin ang mga Pagsasanay tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang Pangwakas na Pagsusulit o ang bahaging, Ano Na Ba Ang Alam Mo? Pagkatapos, iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Maging matapat ka sa pagwawasto.
5. Gamitin mo nang wasto ang modyul na ito. Kaibigan mo ito.
6. Pag-isipan mong mabuti ang mga tanong bago mo sagutin ang mga ito.
7. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng sagutang papel o notebuk.

Pahalagahan mo ang modyul na ito. Ito'y iyong kaibigang tunay na nagmamalasakit sa iyo.

## *Ano Na Ba Ang Alam Mo?*

Panuto: Ibigay ang hinihingi ng mga sumusunod. Isulat ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

A. Salungguhitan ang salita na may pantig na inulit sa loob ng pahayag.
   1. Huwag kang mainggit sa nakikita mong kaunlaran ng ibang bansa.
   2. Ang mga paghihirap at pasakit ng isang tao ay di dapat maging sagwil sa katuparan ng mga pangarap nito.
   3. Ang mga kaunlarang naganap sa iyong paligid ay maliwanag na patotoo ng pagbangon ng iyong bansa.

B. Piliin sa Hanay B ang letra ng kaugnay ng pahayag sa Hanay A.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 4. Sinakop ng mga dayuhan ang bansa | a. Ang ibang Pilipino'y pumanig sa mga dayuhan. |
| 5. Ginawang alipin ng mga dayuhan ang mga Pilipino sa sariling bansa. | b. Naging sunud-sunuran ang mga Pilipino sa bawat naisin ng dayuhan. |
| 6. Nagkaroon ng pagkakahati- hati ang damdaming–bayan. | c. Nalugmok sa hirap ang bansa at ang mamamayan |

C. Panuto: Piliin at isulat ang maaaring kahinatnan ng isang taong binabanggit sa sitwasyon.
   7. Ang mga bayani'y dumanas ng katakut-takot na hirap makamit lamang ang hinahangad na kalayaan.

a. Patuloy na sinisikil ng dayuhan ang kalayaan ng mga Pilipino.
b. Lumaya ang mga Pilipino.
c. Patuloy na naghari ang mga dayuhan sa bansa.
d. Lahat ng binanggit.

8. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng kamalayang panlipunan?
   a. Paghahangad ng kalayaan ng bansa
   b. Paghahangad ng personal na kaunlaran
   c. Paghahangad ng pagkakaunawaan sa pamilya
   d. Lahat ng nabanggit
   e.

D. Panuto: Isulat ang **<u>P</u>** kung ang pahayag ay nagpapakita ng positibong pananaw at **<u>N</u>** kung negatibong pananaw.

9. Dapat na ang pamahalaan ay magbigay ng kaunlaran sa mga mamamayan.
10. Kailangang tumulong ang mga mamamayan sa ikauunlad ng bayan.

# II. Aralin 1. Si Rizal at Ang Sinasabing Katamaran ng mga Pilipino

A. Anu-Ano Ang Mga Tiyak Mong Matututunan?

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang;

1. Nabibigyang kahulugan mo ang mga pahiwatig.
2. Nasusuri mo ang akda batay sa mga nais sabihin nito sa;
   - sarili
   - sa isang indibidwal
   - sa ibang tao
   - sa kalahatan
3. Naihahanay mo ang mga tiyak na bahagi ng akda sa mga dati nang kaalaman tungkol sa kasaysayan ng tao.
4. Nakapagpapatunay ka na ang kasipagan ay nakapagpapaunlad sa tao.
5. Nasusulat mo ang mga makahulugang pahayag / kaisipan na kaugnay ng binasang akda.


## ✍ Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin Mo…**

| |
|---|
| Dumarating sa isang tao ang panahon o kalagayan na minsan ay ayaw niyang gumawa o magtrabaho. |

Batay sa iyong sariling karanasan, anu-ano ang mga dahilan bakit dumarating sa iyo ang panahong ayaw mong gumawa o magtrabaho.

A. Panuto: Isulat sa loob ng bilog ang maaaring mga dahilan kung bakit hindi gumagawa o nagtatrabaho ang isang tao na hindi maituturing na katamaran. Piliin ito sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.




| | |
|---|---|
| masama ang pakiramdam | mahina ang resistensiya |
| napakainit ng panahon | may pera na ibabayad sa katulong |
| ayaw pawisan | kakulangan sa gamit |
| hindi kaya ng katawan ang trabaho | |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang sinagutan mong mga pagsasanay ay may kinalaman sa akdang iyong babasahin.

Handa ka na ba?

Basahin mo na!

**2. Basahin Mo…**

## Si Rizal at Ang Sinasabing Katamaran ng Mga Pilipino (Sanaysay)

Inakala kong isang mabuting patakaran ng isang bansang umiibig sa bayan ang paggunita kung di man ang pagbuhay sa lahat ng mabubuting binhi, aral at simulain ng kanyang bayani. Ang martir ng Bagumbayan ay dinadakila, pinupuri at halos sinasamba ng sambayanang Pilipino dahil sa kanyang kagitingan at malaking pag-ibig sa tinubuang bayan, kaya't hindi magiging kalabisan, manapa'y lalong angkop na halawin ang isa sa kanyang sinulat ukol sa isang paksa na iilang panahong pinag-ukulan ng pansin at pagkukuro ng ating mga palasuri at palaaral.

Ang tinutukoy ko'y ang kanyang mga lathalain sa *La Solidaridad* na may kinalaman sa tinutuligsang umano'y katamaran ng mga Pilipino.

Hindi marami ang nagkapalad na makabasa ng La Solidaridad, at ang mga nakabasa ay yaong marurunong lamang ng wikang Kastila noong may mahigit na isang salinlahing nakaraan. At sapagkat ang paksang kanyang pinag-ukulan ng kuro ay mahalaga sa kasaysayan ng lahi, minarapat naming bumanggit nang pahapyaw sa makatwirang paninindigan ng bayani sa nasabing paksa.

May palagay ang ating bayaning Rizal na lahat ng pagtuligsa sa sinasabing katamaran ng mga Pilipino ay anak lamang ng masamang palagay, maling pagkilala, kasahulan ng sariling kuro, kakapusan ngpagmamatwid, kamangmangan sa nakalipas, at iba pa. Sinasabi niyang ang pagtuligsa ay nag-ugat sa mga narinig lamang ng mga sumusulat at sa hilig na pagpapasama gayon din sa masamang kaugalian ng ilan na ipalagay na mabuti ang ganang kanila at masama ang sa iba.

Ngunit ang ating bayani, palasuri sa kabuhayan ng mga tao, bayan at lahi, gumagamit ng salaming walang kulay, may panukat na di madaya kundi

bagkus naglalantad ng kanyang kuro ay nagpapaliwanag sa isang paraang kasiya-siya.

Hindi niya itinakwil na may matatagpuang katamaran sa mga Pilipino. Ipinahayag niyang sa pagsusuri sa lahat ng tao at sa lahat "Naming kilala simula sa kabataan ay nababakas ang isang katamaran." Gayon man, gaya ng katotohanan walang nangyayaring di may dahilan, hindi walang sanhi ang gayong ugali ng mga kababayan natin.

"Ang pangunahing sanhi, aniya, ay nag-ugat sa hilig dahil sa di nababagong takbo ng panahon."

Bilang isang paghahambing ay kanyang sinabi. "Ang mainit na singaw ng panahon ay pumipilit sa isang tao na manahimik at magpahinga, gaya rin ng pangyayaring ang lamig ay nagtataboy sa tao upang gumawa at maging masigla. Dahil dito, ang Kastila ay lalong tamad kaysa Pranses; ang Pranses ay lalong tamad kaysa Aleman." At ang kanyang dugtong: "Ang Europeo ring ito na labis-labis magparatang ng katamaran sa mga tao sa mga kolonya (at ang binabanggit niya na hindi na ang mga Kastila lamang kundi ang mga Aleman at Ingles) ay paano nangamumuhay sa mga bayang mainit ang singaw? Naliligid ng mga utusan, kailanman ay hindi sila naglakad kundi lulan ng mga sasakyan; at kinakailangan ang mga alila hindi lamang upang mag-alis ng kanilang bota kundi upang sila'y abanikuhan o paypayan.

Anupa't sa kanyang pansin, sila'y nabubuhay na sagana, kumakain na mabuti, at gumagawa sa kanilang sariling kabutihan, samantalang ang mga Pilipino ay di man makatikim ng masarap na pagkain; walang inaasahan at gumagawa para sa iba at gumagawang hirap at napipilitan.

Marahil, aniya pa, ay sasabihin ng mga puti na sila'y sadyang hindi hiyang sa panahon dito ngunit iya'y isang pagkakamali sapagkat ang tao'y maaaring mabuhay sa alin mang singaw ng panahon. Ang pumapatay sa mga Europeo sa mga bayang mainit ay ang pagmamalabis sa alak, sapagkat ibig nilang ugaliin sa ilalim ng ibang langit ang pinagkaugalian nila sa kanila.

Ipinaliwanag ni Rizal sa mga bansang mainit at ang singaw ay hindi mabuti, ang mahihirap na gawain, samantalang sa mga bayang malalamig, ang hindi pagkilos ay nangangahulugan ng paninigas sa lamig; ang hindi paggawa ay kamatayan. Kaya naman ang kalikasan na nakaunang tulad ng isang makatarungang ina ay nagdulot ng matabang lupain bilang gantimpala, at ang pagbubungkal dito ng isang oras katumbas ng gawain sa isang araw sa mga lupaing malalamig.

Gayunman ay sinasabi niyang hindi ligtas sa katamaran ang mga Europeo. At ang kanyang tanong: "Hindi ba natin nakikitang ang masiglang Europeo, yaong pinalakas ng taglamig ay nagsisilisan sa kanilang gawain sa maikling panahon sa kasasalita at kakukumpas sa lilim, at tabi ng isang kainan,

nagtutungo sa mga paliguan at nag-uupuan at pagpapalakad-lakad? Gaano pa sa mga bayang mainit na ang dugo ay pinusUsubo ng walang hulaw na init ng araw, at ang paggawa nakapanlalata sa pagod?"

Bukod diyan ay may mainam siyang banggit sa mga bagay na nasaksihan sa Maynila: "Sino ang tamad sa mga tanggapan ng Maynila, ang kawawang kawaning pumapasok mula sa ika-8 ng umaga o ang umuuwi bago magtanghaling-tapat ang walang ginagawa kundi ang humitit, magkatang ng paa sa silya o sa mesa at makipag-usap sa kanyang kaibigan ukol sa kasamaan ng iba?"

Palibhasa'y isa siyang manggagamot at dalubhasa, inihambing ni Rixal ang kalagayan ng katamarang ipinararatang sa mga Pilipino sa isang maysakit, ngunit ipinakilalang ang pagkakasakit o paglubha ng karamdaman ay hindi dahil sa panghihina ng mga sangkap ng katawan kundi dahil sa masamang pagtingin ng manggagamot o ng pamahalaan. Gayon man, ang sisi ay ibinubunton sa balana ay ayaw aminin ang sariling pananagutan.

"Ang katamaran ng mga Pilipino ay isang sakit na malubha ngunit hindi minana."

At ang kanyang pahayag ay pinatunayan niya sa pagsasabing ang libu-libong Pilipino, bago dumating ang mga Europeo ay may masiglang pakikipagkalakalan sa lahat ng bansang karatig gaya ng Tsina, Borneo at Molukas. Ipinaliwanag niyang nang dumating si Pigafetta, kasama ni Magallanes sa unang pagdaong sa Samar ay nakatagpo sila roon ng mga kalakal, samantalang sa Butuan ay nasaksihang ang mga tao'y gumagamit ng mga damit na yari sa seda at mga balaraw na may puluhang ginto. Ang kanilang pangunahing kalakal ay bigas, dalanghita, limon, at sagana sa kabuhayan sa kapuluan, maging sa Palawan, bukod sa ang lahat halos ay gumagawa sa kanilang sariling bukid.

Sinabing limampung taon bago dumating ang mga Kastila sa Luzon, ang mga mamamayan dito ay nakauunawa ng wikang Kastila. At ang ekspedisyon ni Legaspi sa Butuan ay nakatagpo ng mga mangangalakal na taga-Luzon, na may paraw na puno ng pagkit, kumot, porcelana at iba pa, samantalang sa Cebu ay may saganang mina at sangkap na yari sa ginto, matao at laging dinadatingan ng mga sasakyang buhat sa Indiya. Nang sunugin ng mga Kastila ang mga kabuhayang ikinaramay ng maraming kaluluwa, ang kapintasan ay madalaing nalunasan ng saganang sangkap at ani sa mga pulong kanugnog.

Bilang pagpapatotoo sa lahat ng iyan ay kanyang tinukoy hindi lamang si Morga, hindi lamang si Chirino, kundi pati sina Colin, Argensola, Gaspar de San Agustin at iba pang nag-ukol ng pansin sa ating kalakal at kabuhayan ng mga panahong yaon.

Lumilitaw na ang mga Pilipino sa kabila ng singaw ng panahon, sa kabila ng kanilang kaunting pangangailangang(kakaunti noon kaysa ngayon) ay hindi nga tamad na katulad ng mga Pilipino ngayon, at maging ang moral at ugali ay hindi rin kagaya ng kanilang inaambil sa atin.

At ang mahalagang suliranin ay ito:

Ano ang dahilang nakatulong sa pagkakatulog ng nakamumuhing hilig na ito ng mga Pilipino? Bakit ang sambayanang Pilipino, dating maibigin sa kanilang kaugalian ay tumalilis sa dating hilig ssa paggawa, sa kalakal at sa paglalakbay sa ibang nasa hanggang sa lubusang malimot ang kanyang kahapon?

"Ang ugat ng hilig na ito ngayon sa hindi paggawa ay ang kamatay-matay na dagok ng mga pangyayari, ang nabigong pagsisikap ng mga tao, ang kadunguan at kamangmangan, mga maling simulain, at iba pang bunga ng kapusukan, na humahamon sa katamaran na naging malubha sapagka't sa halip na lunasan sa pamamagitan ng katalinuhan, ng mga maingat na pagbubulay-bulay at pagkilala sa kamaliang nagawa ng masamang pulitika, sa kabulagan at kapabayaan ay lalo't lalo pang lumala hanggang sa kasalukuyang kalagayan."

Sapagka't dumating ang mga digma nagkaroon ng mga ligalig na bunga ng pagbabago ng mga pangyayari. Maraming labanan ang kinasuungan. Nagkaroon ng mga patayan at paghihinalaan ukol sa paghihimagsik. At maidaragdag pa riyan ang panunulisan ni Limahong at ang di matapus-tapos na pakikipag-hamok na kumakaladkad sa mga Pilipino upang ipagtanggol ang karangalan ng Espanya, at ang pagpapalawak ng kapangyarihan ng mga Kastila sa Borneo, Molukas, Indo-China at ang bunga ng kanyang gawain ay magiging sanhi ng kanyang pagkasawi."

Sa dakong huli ng lathala ni Rizal ay sinasabing "gumagawa ang tao dahil sa isang layunin; alisin mo ang layuning iyan at siya'y mananatili sa di paggawa."

Idinugtong pa niyang "ang pinakamasipag na tao sa daigdig ay maghahalukipkip ng kamay buhat sa sandaling makilala niyang kabaliwan lamang ang gumawa nang walang mapakikinabangang at ang bunga ng kanyang gawain ay magiging sanhi ng kanyang pagkasawi."

Ang mga Pilipino ayon sa bayani, ay nagsikap na ring magapi ang naghaharing katamaran; ngunit marami diyang kalaban at hindi siya nagtagumpay.

Nagbigay pa nga ng masamang halimbawa ang pamahalaang nakasasakop, ayon kay Rizal, sapagkat sila'y naliligiran ng mga utusan at inaaring hamak sa paggawa.

Hindi pa nasiyahan sa ganyang simulaing inihasik ay nagturo pa ng sugal at ang sugal ay nakapagpapatamad.

Sa pangwakas na bahagi ng kanyang lathala ay sinabi ng bayani na kung walang paturuan at laya, ang isang lupain ay hindi magkakaroon ng pagbabagong anuman, walang paraang maaaring magawa upang makapagdulot ng pinakamimithing bunga.

Matapos mong basahin ang akda, gawin mo ang sumusunod na gawain upang matiyak kung ito'y iyong naunawaan.

**3. Linangin Mo…**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

> Ang kakayahang makapagbigay ng pahiwatig o konotasyon ay isang kasanayang dapat linangin sa isang mambabasa.

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✔ ) ang patlang kung wasto ang pahiwatig sa bawat pahayag.

1. Gumagawa ang tao dahil sa isang layunin.

_____ Pahiwatig: Nagsisilbing inspirayon sa tao upang gumawa o magtrabaho ang kanyang ambisyon sa buhay.

2. Ang pinakamasipag na tao sa daigdig ay maghahalukipkip ng kanyang kamay sa sandaling makilala niyang kabaliwan lamang ang gumagawa nang walang mapakikinabangan.

_____ Pahiwatig: Kaya gumagawa o nagtatrabaho ang isang tao ay dahilan sa may kabutihan siyang matatamo mula rito.

3. Ang katamaran ng mga Pilipino ay isang sakit na malubha ngunit hindi minana.

_____ Pahiwatig: Likas sa Pilipino ang pagiging tamad.

4. Ayaw gumawa o magtrabaho ang isang tao kapag alam niyang hindi sapat ang makukuha niyang pakinabang mula sa paggawa.

_____ Pahiwatig: Ang ano mang gawain ay dapat na magkaroon ng karampatang pakinabang.

5. Ang taong walang laya sa paggawa nang ayon sa kanyang kagustuhan ay mawawalan ng gana sa pagtatrabaho.

_____ Pahiwatig: Kapag gusto ng isang tao ang kanyang ginagawa, magtatrabaho siya nang maayos.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

b. Pagsusuring Pangnilalaman

> Sinasabing ang isang mabuting akdang pampanitikan ay dapat na mag-iwan ng mensahe sa kanyang mga mambabasa.

Panuto: Isulat ang **<u>M</u>** sa patlang kung ang <u>mensahe o isang katotohanang nais sabihin</u> ng akda ay para sa <u>mag-aaral,</u> **<u>P</u>** kung sa isang <u>Pilipino</u> at **<u>S</u>** kung para sa <u>sambayanan</u>. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel

_______ 1. Ang isang mabuting patakaran ng bansang umiibig sa bayan ay paggunita kung di man ay pagbuhay sa lahat ng mabubuting binhi, aral at simulain ng kanyang mga bayani.
_______ 2. Ang tao'y maaaring mabuhay sa alin mang singaw ng panahon.
_______ 3. Ang katamaran ng mga Pilipino ay isang malubhang sakit ngunit hindi minana.
_______ 4. Gumagawa ang tao dahil sa isang layunin; alisin mo ang layuning ito at siya'y mananatili sa hindi paggawa.
_______5. Ang pagmamahal sa paggawa ay nagsisimulang sumapuso ng isang nilikha mula pa lamang sa kanyang paglaki.

Iwasto mo ang iyong sagaot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

c. Pagsusuring Pampanitikan

> Sa pagdedekonstrak ng isang akdang binasa, maaaring tingnan ang mga tiyak na bahagi na posibleng may kaugnayan sa mga umiiral na kaalaman tulad ng kasaysayan. Sa ganitong pagbasa, inihahanay ang mga tiyak na kaalaman sa akda sa dati nang kaalaman

Panuto: Suriin ang akda. Pag-ugnayin ang mga katotohanang inilahad sa akda sa

mga kaalamang pangkasaysayan na binanggit dito. Isulat ang letra ng pahayag sa Hanay B sa kaugnay ng pahayag sa Hanay A.

**Hanay A**
**Mga Kaalamang Binanggit sa Akda**

1 Ang mga Pilipino ay di man makatikim ng masarap na pagkain; walang inaasahan at gumagawa para sa iba at gumagawang hirap at napipilitan.
2 Ang libu-libong Pilipino, bago dumating ang mga Europeo ay may masiglang pakikipagkalakalan sa lahat ng bansang karatig tulad ng Tsina, Borneo at Molukas.
3 Ang ugat ng hilig na ito ngayon sa hindi paggawa ay ang kamatay-matay na dagok ng mga pangyayari, ang nabigong pagsisikap ng mga tao sa kadunguan at kamangmangan, mga maling simulain at iba pang bunga ng kapusukan, na humahamon sa katamaran na naging malubha.
4 Ang pinakamasipag na tao sa daigdig ay maghahalukipkip ng kamay buhat sa sandaling makilala niyang kabaliwan lamang ang gumawa nang walang mapakikinabang at ang bunga ng kanyang gawain ay magiging sanhi ng kanyang pagkasawi.
5 Ang kamangmangan at paghihirap ay naging dahilan ng lalo pang pagkawala ng interes ng mga Pilipinong gumawa.

**Hanay B**
**B. Kaalamang Pangkasaysayan**


a Hinayaan ng mga dayuhang Kastila na manatili at maghari ang kamangmangan sa Pilipinas upang malaya nilang magawa ang balang naisin nila sa mga Pilipino.
b Sa sandaling mapaunlad at mapagyaman ng isang Pilipino ang kanyang lupang sinasaka noon, ito ay kinakamkam ng mga Kastila at kapag sila'y tumututol, kamatayan ang matatamo nila.
c Pawang lumaking alipin at busabos ng mga dayuhang Kastila ang mga Pilipino.
d Dahilan sa mga kaapihan at kalupitang dinaranas ng mga Pilipino sa kamay ng mga Kastila, maraming pag-aalsa ang naganap na naging dahilan ng kamatayan ng mga Pilipino.
e Pinatunayan nina Morga at Chirino, na may masiglang kalakalan ang Pilipinas sa iba pang bayan bago dumaong sa Pilipinas si Magellan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

d. Halagang Pangkatauhan

| Ang kasipagan ay kapatid ng kaunlaran. |
|---|

Panuto: Buuin ang pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng letra sa loob ng kahon ng kaisipan na bubuo dito. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.




| | |
|---|---|
| a. matiyaga at masikap | d. malayo sa sakit |
| b. may mabuting kinabukasan | e. dapat mangibang-bansa |
| c. huwaran ng lahat | f. hindi dapat tumulong sa kapwa |

**4. Palalimin Mo…**

Panuto: Piliin sa dakong ibaba ang letra ang pahayag na magpapatotoo sa mga kaisipang

nasa loob ng kahon.

a. “Ang pangunahing sanhi ng katamaran ay nag-ugat sa hilig dahil sa di nagbabagong takbo ng panahon.”

Patunay: 1. _______
2. _______

b. “Ang mainit na singaw ay pumipilit sa isang tao na manahimik at magpahinga.”

Patunay: 1. _______
2. _______

c. “Gumagawa ang isang tao dahil sa isang layunin.”

Patunay: 1. _______
2. _______

d. “Ang mga Pilipino ay nagsikap na magapi ang naghaharing katamaran,”

Patunay: 1. _______
2. _______

e. “Kung walang paturuan at laya, ang isang lupain ay hindi magkakaroon ng pagbabagong anuman.”

Patunay: 1. _______
2. _______

a. Ang mga paaralan ay nagbubukas ng isipan ng tao upang maghangad ng pagbabago.
b. Maraming bisyo ang nagpapatamad sa tao upang gumawa.
c. Pinapawisan nang matindi ang isang tao kapag mainit ang singaw ng panahon na nagpapahina sa kanya.
d. Gumagawa ang tao para sa katuparan ng kanyang ambisyon.
e. Nadadaig ng pagnanais ng kaginhawahan ng katawan ang isip ng tao.
f. Isa sa mga kalaban ng tao sa paggapi ng katamaran ay ang nagkalat na bisyo.
g. Ang pagyaman ay isa sa dahilan kung bakit gumagawa ang tao.

h. Nakapagpapahina ng katawan ang init ng araw.
i. Umuubos ng maraming oras ang di makatwirang hilig.
j. Ang tao ay lagi nang naghahangad ng kalayaan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**5. Gamitin Mo. . .**

| |
|---|
| Magagapi ng tao ang naghaharing katamaran kung magiging matatag lamang siya  na ito'y labanan |

Panuto:  Lagyan ng tsek ( ✔ ) ang mga letra ng mga bagay na magagamit ng tao upang magapi niya ang katamaran.

**Mga sandatang magagamit ng tao upang magapi ang katamaran**.

a. dasal
b. pera
c. determinasyon
d. ambisyon
e. edukasyon
f. sakit
g. karangalan
h. kaibigan
i. kasaganaan
j. kamangmangan

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin Mo. . .**

Panuto:  Ayusin mo ang mga ginulong parirala upang mabuo ang kaisipang kaugnay ng binasang akda.


1. ang kahirapan / masipag at matiyaga / sa taong / walang puwang
2. sa kahirapan / ang kasipagan / lamang ang / maaaring panlaban.
3. ay malayo / ang taong masipag / sa kahirapan

**7. Lagumin Mo. . .**

Panuto:  Buuin ang sumusunod sa pamamagitan ng pagpili ng letra ng pahayag na bubuo


sa kaisipan nito.

a.




a. Hindi likas sa Pilipino ang katamaran.
b. Walang dahilan upang maging tamad ang Pilipino.
c. Hindi papayagan kailanman ng ating bayani na aglahiin ang kanyang mga kababayan.
d. Maraming dahilan upang hindi gumawa ang isang tao.
e. Minana ng mga Pilipino sa kanilang ninuno ang katamaran.

b.




a. Ang pagkahiya dahil tamad ang lahing pinagmulan ko.
b. Pagmamalaki para kay Dr. Jose Rizal sa ginawa niyang pagmamalasakit para sa kapwa niya Pilipino.
c. Kalungkutan dahil gumagawa ng dahilan ang iba kong kapwa Pilipino upang hindi magtrabaho.
d. Natutuwa ako para sa ilang Pilipino na kahit maraming balakid upang magtrabaho ay nagsisikap sila.
e. Pagkainis dahil mainit ang ating klima.

**8. Subukin Mo. . .**

Panuto: Isulat ang **T** kung ang kaisipan ng pahayag ay angkop sa kaisipan ng binasang akda at **M** kung hindi.

______1. Tinanggap ni Dr. Rizal na ma'y natagpuan ngang katamaran sa mga Pilipino, ngunit ayon sa kanya ito ay bunga ng maraming bagay na hindi nila kayang kontrolin.

______2. Tunay na masipag ang mga Europeo dahil maunlad ang kanilang buhay at

hindi sila umaasa sa Pilipino.

______3. Naging biktima ng pagsasamantala ng mga dayuhang Kastila ang mga Pilipino.
______4. Ang paggawa sa ilalim ng init ng araw ay nakapanlalata ng katawan.
______5. Lugmok ang Pilipinas sa kahirapan bago pa mandin dumating ang mga dayuhan sa Pilipinas.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo ay 4 – 5 , huwag mo nang gawin pa ang susunod na gawain. subalit kung 3 pababa, gawin mo ito.

**9. Paunlarin Mo. . .**

Panuto: Itsek ang bilang ng pantulong na kaisipang angkop sa punong kaisipan.

1-2. Maraming dahilan ang sinasabing katamaran ng mga Pilipino.
- a. Labis na mainit ang klima ng bansa.
- b. Ayaw gumawa o magtrabaho ng mga Pilipino sapagkat kinakamkam ng mga dayuhan ang kanilang kabuhayan oras na umunlad sila.
- c. Hindi kailanman umunlad ang Pilipinas dahil tunay na tamad ang mga Pilipino.
- d. Ang pagtatrabaho ay para sa matatanda lamang.

3-4. Gumagawa ang tao dahil sa isang layunin.
- a. Nagnanais ng kaunlaran ang isang tao kaya siya nagsisikap.
- b. Ambisyon ang nagsisilbing inspirasyon upang gumawa ang tao.
- c. Kapag walang hinahangad ang isang tao sa kanyang buhay hindi na dapat siyang magtrabaho.
- d. Huwag nang magtrabaho kung mayaman ang mga magulang.

# VI. Aralin 2 - Mga Latay (Sanaysay) ni: Conrado Castillo

A. Anu-Ano Ang Mga Tiyak Na Matututunan Mo?

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nakikilala ang bisa ng pag-uulit ng mga salita, pantig o letra sa kabisaan at kasiningan ng akda.
2. Nakapag-uugnay ng mga tiyak na karanasan sa akda sa;
    - pansariling karanasan
    - karanasan ng ibang tao na nabatid
    - karanasan ng ibang tao na nasaksihan

3. a. Nakabubuo ng pansariling paghihinuha tumgkol sa kahihinatnan ng tauhan sa akda.
   b. Naiisa-isa ang mga kamalayang panlipunan na inilahad sa akda.

4. Napatutunayan na ang ikauunlad ng tao ay nasa sa kanya na ring pagsisikap.
5. Nakasusulat/nakabubuo ng mga pahayag na kaugnay ng paksang binasa.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin Mo. . .**

Panuto: Isulat sa bawat panahong nakahanay ang mga pangyayaring naganap sa kasaysayan na nakatala. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

| **Panahon ng Kastila** | **Panahon ng Hapon** | **Panahon ng Amerikano** |
|---|---|---|
| 1. ________________ | 1. ________________ | 1. ________________ |
| 2. ________________ | 2. ________________ | 2. ________________ |
| 3. ________________ | 3. ________________ | 3. ________________ |

Mga Pangyayari sa Kasaysayan ng Pilipinas

a. Opisyal na patakarang inilabas noong Disyembre 21, 1898 na tinawag na Makataong Asimilasyon na ang layunin ay sanayin ang mga Pilipino sa pagsasarili at gabayan ng demokratikong pamamahala.
b. Itinatag ang pamahalaang sibil sa mga pook na humupa na ang pakikipaglaban ng mga Pilipino.
c. Pinangunahan ni Diego Silang ang pag-aalsa sa Vigan, Ilocos Sur na umabot hanggang Pangasinan.
d. Nahuli si Heneral Emilio Aguinaldo sa Palanan, Isabela noong 1901.
e. Ipinagamit sa Pilipinas ang salaping papel na tinawag na Mickey Mouse Money.
f. Taong 1621 – 1622, si Tamblot ang nanguna sa panunumbalik ng katutubong relihiyon sa Bohol.
g. Binomba ang mga pangunahing base ng Amerikano sa Cavite.
h. Itinatag ang samahang MAKAPILI na magsusulong sa pamahalaan ng mga Pilipinong nag-aalsa
i. Pagkakatatag ng Batas – Militar.
j. Taong 1574, matapos maitatag ni Legaspi ang paghahari ng Espanyol sa Maynila

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang sinagot mong pagsubok ay may kaugnayan sa akdang iyong babasahin.

Handa ka na ba? Sige basahin mo na . . .

**2. Basahin Mo. . .**

**Mga Latay**
Conrado E. Castillo

*Napapawi ang latay sa katawan na ibinunga ng pamalo ngunit ang kirot at hapding ibinubunga ng hampas ng dila ay panghabang-buhay.*

Sinasabing mabuti pang ikaw ay suntukin o hagupitin at magkalatay-latay ang buo mong katawan kaysa ikaw ay pagwikaan ng masakit sa pandinig at damdamin, sapagkat ang latay sa katawan na ibinubunga ng panghagupit ay napaparam pagdating ng takdang panahon, ngunit ang hapding ibubunga ng ulos ng dila ay panghabang-buhay. Ito ay umaalinsunod sa kasabihang "ang hampas ng pamalo ay nakapangingitim, ngunit ang hampas ng dila'y dumudurog ng mga buto."

Ang ating kasaysayang pambansa'y isang mainam na halimbawa ng pagpapakahulugan sa kawikaang ito. Hindi kaila sa lahat na ang Pilipinas ay napasailalim ng pamamahala ng tatlong Pamalo – Kastila, Amerikano at Hapon.

Ang una ay malupit at mapangamkam. Namayani ito sa atin sa loob ng mahigit na tatlong daang taon. Ang hapdi at kirot ng latay nito'y nadama natin hanggang sa buto. Hindi miminsang pinagtangkaan nating ito'y ampatin, ngunit tayo'y nabigo, Salamat na lamang at ang moog na naitayo nito ay naiguho at nadurog ng talim ng salita at diwa ng isang Dakilang Bayani – si Dr. Jose Rizal.

Ang ikalawa ay may anyong mapagbigay, maunawain at mapagkupkop, ngunit sa kabila ay mapang-angkin. Ang ating kabuhayang bansa at kalinangan ay inalipin hanggang sa iasa na natin sa kanya ang lahat. Tinuruan tayong mamuhay sa pamamaraang hindi atin at gumamit ng mga bagay-bagay na sa kanya nagbubuhat ngunit hindi tayo tinuruang gumawa. Ang tanikalang ginamit sa paggapos sa atin ay nilagot ng ulos ng dila at diwa ng isang tagapagtaguyod ng kalayaan – si Manuel L. Quezon.

Ang ikatlo, tulad din ng una ay malupit at walang pakundangan. Bagamat panandalian lamang nadama rin natin ang latay nito. Ang diwa at salita ng Dakilang Bayani at ng Tagapagtaguyod ng Kalayaan ang naging patnubay ng hindi mabilang na lakas na natipon at nagkaisang ito'y buwagin.

Ang ating bansa ngayon ay malaya. Sa buong daigdig ay kinikilala ang Pilipinas na isang bansang magiting, sapagkat ito'y lumaya sa pamamagitan ng giting, tiyaga, pagpapakasakit at pagkakabuklod-buklod. Ngunit tunay nga kayang malaya na tayo?

Ang mga pamalo ay nag-iwan sa atin ng latay na nagpapaitim sa ating kalayaan. Ang hapdi at kirot nito ay nadarama pa rin natin hanggang ngayon. Marami pa rin sa ating mga Pilipino ang hindi nagpapaka-Pilipino. Ang kanilang gawa, diwa at simulain ay naglalarawan pa rin ng pagkaalipin, na wari bang nasisiyahan na sila sa gayong kalagayan.

Kailan pa kaya mapapawi ang latay na ito?

Gawin mo ang mga sumusunod na gawain upang masubok kung naunawaan mo ang iyong binasa.

**3. Linangin Mo. . .**

a. Pagsusuring Panglinggwistika

> Isang paraan upang mabigyang-diin ang mensaheng nais ipahayag ng isang akda ay sa pamamagitan ng pag-uulit ng salita, pantig at letra.

Panuto: Isulat ang **S** kung salita, **P** Kung pantig at **L** kung letra ang inulit sa salitang sinalungguhitan sa bawat pahayag. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Ang hapding <u>ibunubunga</u> ng ulos ng dila ay panghabambuhay.
2. Ang hampas ng pamalo, ay <u>nakapangingitim</u> ngunit ang hampas ng dila'y dumudurog sa buto.
3. Kahit sumailalim sa iba't ibang dayuhan, <u>buung- buo</u> pa rin ang damdaming makabayan ng bawat Pilipino.

4 - 5 Tinuruan ng mga Amerikano ang mga Pilipino na mamuhay sa paraang hindi kanila at gumamit ng mga <u>bagay-bagay</u> na sa kanila <u>nagbubuhat.</u>

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

b. Pagsusuring Pangnilalaman

> Ang isang akda, upang masabing makatotohanan, dapat ay naiuugnay ng mga bumabasa ang kanilang pansariling karanasan at karanasan ng iba na kanilang nabatid o nasaksihan sa akdang ito.

Panuto: Piliin sa Hanay B ang naging bunga ng mga karanasan ng mga Pilipino sa kamay ng mga dayuhang mananakop na nakalahad sa Hanay A.

**Hanay A**

1. Pagpapamulat ng mga Espanyol sa mga Pilipino ng relihiyong Katolisismo.
2. Pagpapadala ng mga Amerikano ng mga gurong Thomasites sa Pilipinas.
3. Pagbabayad ng mga Hapon sa Mga Pilipino upang isuplong sa kanila ang mga nag-aalsa laban sa kanilang pamahalaan.
4. Pagpapagamit ng mga Amerikano ng kanilang produkto.
5. Kinamkam ng mga Espanyol ang mga lupaing napaunlad ng mga Pilipino.

**Hanay B**

a. Nagkaroon ng edukasyon sa bansa.
b. Napigilan ang pagsamba ng mga katutubong Pilipino sa mga anito.
c. Nasanay sa mga produktong imported ang mga Pilipino.
d. Nawala ang pagkakaisa ng mga Pilipno.
e. Tinamad na ang mga Pilipinong magtrabaho.
f. Nagkaisa at umunlad ang mga Pilipino.

c. Pagsusuring Pampanitikan

> Ang kasanayan sa pagbibigay-hinuha sa kahihinatnan ng tauhan sa akda ay isang kasanayang dapat linangin sa mga mambabasa.

Panuto: Piliin at isulat ang letra na nagsasaad ng kahihinatnan ng mga Pilipino sakaling hindi sila lumaya sa kamay ng malulupit na dayuhang mananakop. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

Maaaring kahinatnan ng mga Pilipino sa kamay ng malulupit na dayuhan kung hindi sila lumaya.

1. ________ a). Patuloy silang magiging alipin
2. ________ c). Mawawalan ng sariling pagkakakilanlan ang mga Pilipino
3. ________ e). Makikinabang ang mga dayuhan sa likas na yaman ng bansa
4. ________ d). Tuluyan nang masasakop ng mga dayuhan ang Pilipinas
5. ________ b). Pamumunuan nila ang malulupit na dayuhan

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**4. Palalimin Mo. . .**

Sa kabila ng mga dinanas ng mga Pilipino sa kamay ng mga dayuhang bansa tulad ng Hapon, Amerikano at Espanya, patuloy pa rin ang pagnanais ng mga ito na makarating at makapagtabaho sa mga bansang nabanggit.

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang patlang kung wasto ang kaisipan sa bawat pahayag at ekis (✗) kung hindi. Isulat sa ikaapat na bahagi ng papel ang sagot.

Dapat na ang isang Pilipino ay;

_______1. Magtapos ng pag-aaral sa Pilipinas at pagkatapos ay magtrabaho sa Amerika.

_______2. Mag-aral sa Amerika at pagkatapos ay magtrabaho sa Pilipinas.

_______3. Pumasok bilang entertainer sa Japan at aliwin ang mga Hapones matapos bayaran nang malaki.

_______4. Tumangkilik sa sariling produkto upang paunlarin ito nang hindi na umasa sa produkto ng ibang bansa.

_______5. Hindi na dapat pang pag-aralan ang wikang Kastila. Wala naman itong maitutulong sa bansa.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**5. Gamitin Mo. . .**

Sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig nagkamit nang labis na pinsala ang Plipinas sa kamay ng bansang Hapon.

Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag na nagsasaad ng dapat na gawin ng bansa matapos na ito'y magtamo ng kaapihan sa kamay ng mga Hapones.

1. Dapat na humingi ang pamahalaan ng Pilipinas ng bayad-pinsala sa Pamahalaang Hapon.
2. Putulin na ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa bansang Hapon.

3. Kalimutan na ang nakaraan at tanggapin ang pakikipagkaibigan ng Hapon sa Pilipinas.
4. Pag-aralan natin ang wikang Hapon dahil kailangan natin ito sa pakikipagkalakalan sa kanila.
5. Bigyan natin ng dignidad ang ating sarili bilang Pilipino kaya't di dapat magtrabaho ang mga Pilipina bilang "entertainer.'

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin Mo. . .**

Panuto: Isaayos mo ang mga parirala upang mabuo ang kaisipang kaugnay ng binasang akda.
Isulat mo ang iyong sagot sa kalahating papel.

1. walang paaalipin / sa bansang / walang mang-aalipin
2. sa kalayaan / ang bawat Pilipino / sadyang mapagmahal
3. na pansariling interes / may hinahangad / sa bansang / ang bawat mananakop / kanyang sinasakop
4. na isang lahing magiting / ang mga Pilipino / sa habang panahon / hindi pasasakop

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**7. Lagumin Mo. . .**

Panuto: Buuin ang pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng letra ng parirala na bubuo sa kaisipan nito.

1. Matapos kong basahin ang akda nalaman ko na. . .

a. Magiting ang lahing Pilipino
b. Hindi naghangad ng kalayaan ang mga Pilipino kailanman.
c. Maraming pagsubok na pinagdaanan ang lahing Pilipino.
d. Hinahangad ng bawat bansang sumakop sa Pilipinas ang kabutihan nito.
e. Karapat-dapat tanghaling bayani ang bawat Pilipino na nagtanggol sa kalayaan ng bansa.

2. Matapos kong basahin ang akda, nadama ko …

| |
|---|
| a. Ang galit sa mga dayuhang mananakop dahil sa pinsalang ginawa sa ating bansa.<br>b. Ang pagmamahal sa alaala ng bawat Pilipinong nag-alay ng buhay upang lumaya ang Pilipinas.<br>c. Ang panghihinayang dahil hindi tayo tuluyang nasakop ng Amerika. Sana'y bahagi na tayo ng bansang ito.<br>d. Ang pagmamalaki dahil ako'y Pilipino.<br>e. Ang pagkainis dahil hindi ko narating ang bansang Amerika at Hapon. |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**8. Subukin Mo …**

Panuto: Ayusin ang mga letra ng salitang dapat ipuno sa patlang upang mabuo ang kaisipan nito.

1. Ang paghahangad sa ____________ ang dahilan upang magkaisa ang mga Pilipino na labanan ang mga dayuhang mananakop.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | A | K | L | Y | N | A | A |

2. Ang mga _____________ ay mga Pilipinong nagpabayad sa mga Hapones upang isuplong sa kanila ang mga nag-aalsang kababayan.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | A | I | I | M | K | P | L |

3. Ang mga ____________ ay sumakop sa ating bansa nang mahigit na tatlong daang taon.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| A | A | S | I | T | L | K |

4. Sa pamamahala ng mga ____________, hindi nila tayo tinuruang gumawa, sa halip pinagamit nila tayo ng mga bagay na galing sa kanila. Hangarin nila'y sa kanila tayo bumili ng ating pangangailangan.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | R | I | M | K | O | N | E | A |

5. Sila'y tinaguriang mga __________ na pumatay ng napakaraming Pilipinong lumaban sa kanilang malupit na pamamahala.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| S | A | K | N | A | G |

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor na nakuha mo sa bahaging ito ay 4 hanggang 5, huwag mo nang gawin ang susunod na bahagi. Ibig sabihin ay lubos mong naunawaan ang aralin. Subalit kung 3 pababa, gawin mo ito. Kailangan mo pa ng dagdag na pagsasanay upang lubusang maunawaan ang aralin.

**9. Paunlarin Mo. . .**

Panuto: Itsek ( ✓ ) ang bilang ng pahayag na angkop ang kaisipan sa binasang akda.

_______ 1. Hanggang sa kasalukuyang panahon, marami pa ring Pilipinong ang gawa, diwa at simulain ay alipin pa rin ng mga dayuhang mananakop.
_______ 2. Bawat dayuhang mananakop ay naghahangad ng pansariling interes sa pananakop.
_______ 3. Masakit isipin na marami ring Pilipino ang naghangad ng kasawian ng kanilang kababayan kapalit ng kanilang kasaganaan sa kamay ng dayuhan.
_______ 4. Walang dumanak na dugo nang lumaban ang mga Pilipino sa mga dayuhang mananakop.
_______ 5. Nabigyang hustisya ang ginawang maramihang pagpatay at pinsala ng mga Hapon sa ating mga kababayan at bansa.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Ibigay ang hinihingi sa bawat bilang.

A. Piliin sa loob ng kahon ang ipinahihiwatig ng bawat pahayag.
1. Ang kasipagan ay kapatid ng kaunlaran.
2. Sa pawis ng bawat tao dapat magmula ang kanyang kakainin.
3. Marangal ang taong masipag.

a. Ang taong tamad ay dapat ikahiya ang sarili.
b. Di dapat kumain ang taong tamad
c. Ang katamaran ay lagi nang kakambal ng kahirapan.

B. Piliin at isulat ang salitang may pag-uulit ng pantig sa pahayag.
   4. Buong sipag na binubungkal ng mga Pilipino ang kanilang lupain subalit kapag maunlad na, aagawin naman ito sa kanila ng mga Kastila.

C. Suriin ang pahayag pagkatapos ay piliin ang letra ng pinatutungkulan nito.
   5. Ang mga kabataan ang pag-asa ng bayan.
   6. Ako ay Pilipino magtatanggol sa aking bayan sa lahat ng nais sumupil dito.

a. sa ibang tao
b. sa sarili
c. sa bayan

D. Isulat ang **<u>T</u>** sa patlang kung tama ang kaisipan ng pahayag batay sa akda at **<u>M</u>** kung mali.

_______ 7. Wala nang iniwang ano mang bakas ng mga pananakop ng dayuhan sa ating kultura.

_______ 8. Hanggang sa kasalukuyan ay alipin pa rin ng isipang dayuhan ang marami sa ating mga Kastila.

E. Isulat ang **<u>K</u>** sa patlang kung ang pahayag ay katotohanan at **<u>O</u>** kung ito'y opinyon lamang.

_______ 9. Ang sinasabing katamaran ng mga Pilipino ay dala lamang ng masamang karanasan nila sa mga dayuhang mananakop.

_______10. Ang ikalawang digmaang pandaigdig ay nag-iwan sa bansa ng labis na pinsala.


**MODYUL 21**
**Pagsusuri sa Sanaysay Batay sa Teoryang Dekonstruksyon**

**SUSI SA PAGWAWASTO**

**Aralin 1**

A. 1. nakikita
2. paghihirap
3. maliliwanag
B. 4. C
5. B
6. A
C. 7. B
8. D
9. P
10. P

**B. Mga Gawain Sa Pagkatuto**
**1. Alamin Mo. . .**




**3. Linangin Mo . . .**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**
1. ✔

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**
1. S

2. ✔
3.
4. ✔
5. ✔

2. P
3. P
4. P
5. M

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

1. C
2. E
3. D
4. B
5. A

**d. Halagang Pangkatauhan**

1. A
2. B
3. C
4. D
5.

4. **Palalimin Mo. . .**

a. b, f
b. c, h
c. d, g
d. e, I
e. a, j

**5. Gamitin Mo.** . .

a. dasal
c. determinasyon
d. edukasyon
e. edukasyon
g. karangalan
h. kaibigan

**6. Sulatin Mo. . .**

1. Sa taong masipag at matiyaga, walang puwang ang kahirapan.
2. Ang kasipagan lamang ang maaaring panlaban sa kahirapan.

**7. Lagumin Mo.** . .

a). a
c
d

b). b
c
d

**8. Subukin Mo.. .**

1. T
2. M
3. T
4. T
5. M

**9. Paunlarin Mo.** ..

1. } a
2. } b
3. } a
4. } b

Aralin 2

**B. Mga Gawain sa Pagkatuto.**

**5. Gamitin Mo. . .**

1. **Alamin Mo. . .**
   **(Panahon ng Kastila)**
   1. c
   2. f
   3. j

   **(Panahon ng Hapon)**
   1. g
   2. e
   3. h

   **(Panahon ng Amerikano)**
   1. a
   2. b
   3. d

2

1

3

4

5

3. **Linangin Mo. . .**
   a. **Pagsusuring Panlinggwistika**
   1. P
   2. P
   3. S
   4. S
   5. P

   b. **Pagsusuring Pangnilalaman**
   1. B
   2. A
   3. D
   4. C
   5. E

   c. **Pagsusuring Pampanitikan**
   1. A
   2. C
   3. E
   4. D
   5.

4. **Palalimin Mo. . .**
   1. x
   2. ✓
   3. x
   4. ✓
   5. x

6. **Sulatin Mo. . .**
   1. Sa bansang walang paaalipin, walang mang-aalipin.
   2. Sadyang mapagmahal sa kalayaan ang bawat Pilipino.
   3. May hinahangad na pansariling interes ang bawat mananakop sa bansang kanyang sinasakop.
   4. Hindi pasasakop sa habang panahon ang mga Pilipino na isang lahing magiting.

7. **Lagumin Mo.** . .
   **1). a**
   c
   e
   2). a
   b.
   d.

8. **Subukin Mo.** . .
   1. KALAYAAN
   2. KASTILA
   3. MAKAPILI
   4. AMERIKANO
   5. SAKANG

# GAANO KA NA KAHUSAY?

A. 1. C B. 4. aagawin D. 7. M E. 9. O
2. B C. 5. A 8. T 10. K
3. A 6. B